



Pamagat: **KATAPATAN (IKHLAS) SA GAWAIN PARA LAMANG SA ALLAH**

Kategorya : Pangkalahatan

May-akda : Mula sa aklat "Mga Aralin sa Masjid" ng General Authority of Islamic Affairs & Endowments

Paglalarawan: Ang Ikhlas (katapatan) ay ang paggawa ng anumang kabutihan para lamang sa Allah, na walang anumang intensyon ng gawaing ito kundi ang Kanyang pagkalugod lamang.

Purihin natin ang Allah, ang Siyang nagtakda na ang katapatan sa lahat ng gawain ay daan tungo sa tagumpay. Ang pagpapala at biyaya ay mapasa-Kanyang sugo, kanyang pamilya at mga kasamahan.

Ang Allah ay nagwika sa banal na Koran;

[Sabihin [O' Muhammad]: "Katotohanan ang aking pagdarasal at ang aking pag-alalay ng sakripisyo, ang aking buhay at kamatayan, ang [lahat] ay para sa ALLAH, ang Panginoon ng mga Alamin [lahat ng mga daigdig]., "Siya [ang ALLAH] ay walang katambal. At sa ganito ako ay pinag-utusan, at ako ang una sa mga Muslim." [Na yumuyukod sa Kanyang Kalooban]. An-an'am 162-163

[At sila ay inutusan, nang hindi hihigit dito: sambahin ang ALLAH [lamang], mag-alay ng tapat na pagsamba sa Kanya, maging totoo sa Kanyang relihiyon; at magtatag ng palagiang As-Salat [pagdarasal]; at magbigay ng Zakat [obligadong kawang-gawa], at iyan ang tamang relihiyon.]

Al-bayyinah 5

[Katotohanan Aming ipinadala sa ibaba(kalupaan) ang Aklat sa iyo [O' Muhammad] sa katotohanan: kaya sambahin ng tapat ang ALLAH [lamang], para sa Kanya ang relihiyon [ang paggawa ng pangrelihiyong mga gawain alang-alangsa ALLAH lamang].{3} Katiyakan ang relihiyon [ang pagsamba at pagsunod] ay para lamang sa ALLAH.] Az-zumar 2-3

Sinabi rin ng Propeta Muhammad(saws);

[Katotohanang hindi tinitingnan ng Allah ang inyong mga pangangatawan/larawan at kayamanan, ngunit Kanyang tinitingnan ang inyong mga puso at gawain] Muslim

[Katotohanang ang unang taong parurusahan ng Allah sa impiyerno sa araw ng muling pagkabuhay ay ang isang taong martir, ipapaalam sa kanya ang mga biyayang ipinagkaloob sa kanya (sa mundo) at siya'y sasang-ayon dito, siya'y tatanungin: Ano ang iyong ginawa (sa mundo)? Siya'y sasagot: Ako ay nakibaka para lamang sa iyo (Allah) hanggang ako ay naging martir. Sasabihin sa kanya: SINUNGALING! Ngunit ikaw ay nakibaka lamang upang ikaw ay tawaging matapang!, pagkatapos siya ay huhusgahan at isusubsob sa impiyerno... At taong

nag-aral ng kaalaman (Islamiko) at kanya itong ipinangaral, at siya'y nagbasa ng Koran. Ipapaalam sa kanya ang mga biyayang ipinagkaloob sa kanya (sa mundo) at siya'y sasang-ayon dito, siya'y tatanungin: Ano ang iyong ginawa (sa mundo)? Siya'y sasagot: Ako ay nag-aral ng kaalaman (Islamiko) at itinuro ito, at ako ay nagbasa ng Koran(para) sa iyo. Sasabihin sa kanya: SINUNGALING! Ngunit ikaw ay nag-aral lamang upang tawagin kang Iskolar, at ikaw ay nagbasa lamang ng Koran upang ikaw ay tawaging Qari (mambabasa ng Koran), pagkatapos siya ay huhusgahan at isusubsob sa impiyerno... At taong biniyayaan ng Allah ng maraming kayamanan (iba't-iba), ipapaalam sa kanya ang mga biyayang ipinagkaloob sa kanya (sa mundo) at siya'y sasang-ayon dito, siya'y tatanungin: Ano ang iyong ginawa (sa mundo)? Siya'y sasagot: Walang gawaing kamahal-mahal para sa Iyo(O Allah) dito ang pagtustos(kawang-gawa) , maliban na lamang na ito ay aking tinustusan para lamang sa Iyo. Sasabihin sa kanya: SINUNGALING! Ngunit ang lahat nang ito ay iyong ginawa upang ikaw ay tawaging mapagbigay lamang, at nasabi nga ng iba. Pagkatapos siya ay huhusgahan at isusubsob sa impiyerno] Muslim

KAHULUGAN

Nabanggit sa nakaraang artikulo ang tungkol sa pinakamataas na antas ng pananampalataya at ang pinakamatayog na antas upang tayo'y makarating sa Allah. Ito ay ang katapatan (paggawa ng kabutihan para lamang sa Allah), isa sa mga katangian ng mga mananampalataya. Anumang gawain na walang katapatan o Ikhlas para lamang sa Allah ay kailanma'y hindi Niya tatanggapin.

Ang Ikhlas (katapatan) ay ang paggawa ng anumang kabutihan para lamang sa Allah, na walang anumang intensyon ng gawaing ito kundi ang Kanyang pagkalugod lamang. Katotohanang ito ang siyang ugnayan ng tao at ng kanyang Panginoong Allah. Dulot nito ang kapanatagan, katiwasayan at katiyakan sa puso (tungkol sa Allah). Kaya't ang puso ay taimtim na nagsusumamo sa Allah na walang alinlangan at walang pagtatambal. Sinuman ang matapat ay katotohanang nagtagumpay, ngunit sinuman ang nagtambal (intensyong hindi para sa Allah) sa Allah ay katotohanang sumuway at naligaw.

Kaya't marapat lamang sa isang muslim na kanyang suriin at bantayan ang lahat ng kanyang mga gawain at intensyon habang isinasagawa ito.

Katotohanang ang katapatan ay tagumpay at anumang salungat dito ay pagkasawi at pagkalugi.

Ating hinihiling sa Allah na tayo'y Kanyang biyayaan ng Ikhlas sa lantad at nakatagong mga gawain.

MGA ARAL

- 1- Ang Ikhlas o katapatan ay ang pagsasagawa ng gawain na ang tanging intensyon sa puso ay ang pagkalugod ng Allah at wala ng iba pa.
- 2- Ang Ikhlas o Katapatan ay siyang daan ng mga Propeta at mga makadiyos.
- 3- Ang katapatan ay kalutasan mula sa anumang balakid.

- 4- Anumang gawain na walang katapatan para sa Allah ay magiging kapighatian lamang.
- 5- Ang Ikhlas o katapatan ay saligan ng katanggap-tanggap na gawain sa paningin ng Allah.